

# *Tula ng makata*

ni Lester Nick R. Be-oy

Sa bawat baybay ng mga taludtod,  
May himig na umaawit, umaawit ng tuwa,  
Ang makata'y lumilipad, lumilipad sa langit,  
Nagsusulat ng tula, ng tula't kahapon.

Makata'y tagapagdala ng damdamin,  
Sa mga pagsinta, lungkot, at saya.  
Kaniyang tinatangay ang puso ng mga tao,  
Sa mga salitang hugis, awit, at himig.

Sa lapis at papel, kaniyang binubuo,  
Mga taludtod na sumasayaw, sumasayaw sa pahina.  
Katawan niya'y salamin ng kaluluwa,  
Sa bawat tula, buhay niya'y nabubuhay.

Makata'y pintor ng mga salita,  
Naglalagay ng kulay sa mga patalim.  
Sa bawat sakit, sukat, at himagsikan,  
Kaniyang isinusulat ang mga kahapong hindi malilim.

Makata'y manlilikha ng bagong mundo,  
Sa mga tugma, sukat, at mga simbolo.  
Kaniyang binubuhay ang mga alaala't pangarap,  
Sa bawat tula, bagong buhay ay nabubuo.

Sa bawat pag-ikot ng mundo,  
Makata'y sumasabay, sumasabay sa agos.  
Kaniyang inaawit ang mga pangyayari,  
Mga bituin at araw, mga himig ng kalawakan.

Tulad ng ibon na lumilipad sa langit,  
Makata'y naglalakbay, naglalakbay sa imahinasyon.  
Sa bawat tula, kaniyang nilalagay ang kaluluwa,  
Mga pighati, ligaya, at pagmamahal na wagas.

Kaya't samahan natin ang makata,  
Sa kaniyang paglalakbay patungo sa kawalan.  
Mga taludtod ay kanyang bitbit,  
Tungo sa walang hanggan, walang hanggan na pagtula.